T: Pero baka naman sina al-Bukhari, Muslim at iba pa'y nagtiwala sa mga taong yaon na hindi alam ang kanilang tunay na paniniwala?

Iniukol ng mga pantas na ito ang kanilang mga buhay sa paglikom at pamahagi ng mga tradisyon at sa pag-aral ng mga buhay ng mga tagapamahagi ng yaong mga tradisyon. Karamihan sa kanila'y may mga aklat sa *Rijal* (siyensiya ng paghusga sa katapatan ng mga mananalaysay). Bagaman ang kanilang pagpili at paghirang ng mga awtoridad at mga materyal ay malinaw na nagpapahiwatig ng matatag na pananaw ng Sunni, sila'y nagtiwala pa rin sa yaong mga Shi'ah na kanilang hinusgahan bilang mga matapat. Ito'y sa kabila ng lahat na ang kanilang Shi'ismo ay ipinapahayag ng may pagtutol.

Kaya ang pagsasabing sina al-Bukhari, Muslim, at iba pa'y talagang walang kaalaman sa paniniwala ng yaong mga mananalaysay sa Shi'ah ay parang pagtawag sa kanilang walang kakayahan sa kanilang larangan!!!

T: Pero bakit hindi sila nagtiwala sa mga Sunni lamang bilang mga awtoridad?

Marahil sila'y hindi kasing panatiko at makitid ang isip ng ilan sa ating mga kapatid na Sunni sa nanggigiit na iugnay ang paniniwalang Shi'ah sa lahat ng uri ng mga maling paratang. Nararapat na mabigyang linaw mula sa mga nakatalang talambuhay na ang pagiging mapamintas sa ilang mga Kalipa at Kasamahan – na batay sa di matatanggihang katibayan mula sa kasaysayan – ay ipinaubaya ng mga pantas na Sunni ng mga nakaraang henerasyon.

T: At ang mga Shi'ah ba'y nagtitiwala sa mga mananalaysay na Sunni sa kanilang mga aklat?

Habang ang manalaysay na Sunni ay hindi kilala sa kanyang pagkapoot sa Sambahayan ng Propeta (s) at kilalang tapat, siya'y tinatanggap ng mga tradisyonistang Shi'ah.

Konklusyon:

Ang katotohanan ay isang mahalagang bahagi ng panitikang Sunni *hadith* ang mawawala kung ang materyal mula sa mga mananalaysay na Shi'ah ay tinanggihan. Ang paniniwalang Shi'ah ay laging at mananatiling isang may lubos na katibayang alternatibo ng pananaw na Sunni.

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa totoong Islam, dumalaw sa:

http://al-islam.org/faq/

v1.0

O kayong mga naniniwala! Maging maingat sa inyong mga tungkulin sa Allah at makibilang sa mga matapat
(Qur'an: Kabanata 9, Bersikulo 119)

Mga Mananalaysay na *Rafidi* Shi'ah sa *Sahih al-Bukhari*

Ang pananaw ng Shi'ah ay sinunod ng mga maraming naunang pantas ng Islam na kinikilalang mga tapat at mapagkatiwalaan, at ang kanilang mga salaysay ng *hadith* ng Propeta (s) ay pinagkakatiwalaan ng mga bantog na pantas na Sunni.

Nakatala sa ibaba ang ilan sa mga pantas na Shi'ah na pinagkatiwalaan ni al-Bukhari sa kanyang ***Sahih***. Kung ating idaragdag ang iba sa kanila kabilang yaong mga mananalaysay sa Sahih ni Muslim at ang iba pang apat sa ***Sahih Sittah*** na sumusunod sa paniniwalang Shi'ah, ang bilang ay masyadong madaragdagan. Upang makatipid ng espasyo, ang reperensiya ay inilaan sa pamagat ng seksiyan (*kitab*) sa bawat aklat para sa *isang hadith* lamang ng isang tao – ang iba'y matatagpuan sa pamamagitan ng paggamit ng indeks o di kaya'y *hadith* soptwer (software).

Magmula ngayon, mapupuna ng mambabasa ang katawagang ***Rafidi*** sa mga sumusunod na talambuhay. Sa kabuuan, ang mga pantas na Sunni ay tumuturing sa isang ***Rafidi*** bilang isang Shi'ah na bumabatikos o tumututol nang hayagan sa pagkalehitimo ng mga Kalipang sinundan ni 'Ali (a).

'Ubayd Allah b. Musa al-'Absi *(yumaon 213 AH)* ***Sahih Bukhari*** [*kitab al-'iman*] ***Sahih Muslim*** [*kitab al-'iman*] ***Sahih al-Tirmidhi*** [*kitab al-salat*] ***Sunan al-Nasa'i*** [*kitab al-sahw*] ***Sunan Abu Dawud*** [*kitab al-taharah*] ***Sunan Ibn Majah*** [*kitab al-muqaddamah*]	❑ Si Abu Daawood ay nagsabi: Siya'y isang marubdob na Shee'ee, ang kanyang mga hadith ay mapahintulutan… Si Ibn Mandah ay nagsabi: Laging itinuturo ni Ahmad ibn Hanbal sa mga tao, at siya'y tanyag sa ***Rafd*** (tinding pagtangkilik kay 'Alee), at hindi niya pinapahintulutang pumasok sa kanyang bahay ang sinumang tinatawag na 'Mu'awiyah'". [***The Creed of the Imaam of Hadeeth al-Bukhari and of the Great Scholars from whom he narrated*** (Salafi Publ., UK, 1997), p. 89 mula sa Al-Dhahabi, ***Siyar A'lam al-Nubala***, tomo 9, p. 553-557] ❑ "Isang piyadosong tao, isa sa mga mahalagang pantas na Shi'ah… kilala ni Yahya b. Ma'in bilang mapagkatiwalaan, si Abu Hatim ay nagsabing siya'y mapagkatiwalaan… si 'Ijli ay nagsabi: Siya'y isang awtoridad sa Qur'an…" [Al-Dhahabi, ***Tadhkirat al-Huffaz*** sa ilalam ng "'Ubayd Allah b. Musa al-'Absi"]
'Abbad b. Ya'qub al-Rawajini *(yumaon 250 AH)* ***Sahih Bukhari*** [*kitab al-tawhid*] ***Sahih al-Tirmidhi*** [*kitab al-manaqib*] ***Sunan Ibn Majah*** [*kitab ma ja' fi al-jana'iz*]	❑ Siya'y isang mapagkatiwalaang ***Rafidi*** at ang kanyang hadith ay nasa (***Sahih*** ni) al-Bukhari. [Ibn Hajar al-'Asqalani, ***Taqrib al-Tahdhib***, sa ilalim ng "'Abbad b. Ya'qub al-Rawajani"] ❑ Si Abu Hatim ay nagsabi: Siya'y isang shaykh, mapagkatiwalaan. Si Ibn 'Adi ay nagsabi: Madalas niyang binabatikos ang Salaf. Taglay niya ang kasukdulan ng Shi'ismo. Si Salih b. Muhammad ay nagsabi: Madalas niyang binabatikos si 'Uthman. Narinig ko siyang nagsabi: "Ang Allah ay mas makatwiran kaysa yaong papapasukin Niya sa paraiso sina Talha at al-Zubayr na nakidigma kay 'Ali pagkatapos sumumpa ng katapatan kay 'Ali." Si Ibn Hibban ay nagsabi: Isa siyang ***Rafidi*** na umaanyaya (ng iba sa kanyang paniniwala). Isinalaysay niya ang *hadith* na ito…, "Kung inyong makita si Mu'awiyah sa aking pulpito, inyong patayin!" [Ibn Hajar al-'Asqalani, ***Tahdhib al-Tahdhib***, sa ilalim ng "'Abbad b. Ya'qub al-Rawajani"]

'Abd al-Malik b. A'yan al-Kufi ***Sahih al-Bukhari*** [*kitab al-tawhid*] ***Sahih Muslim*** [*kitab al-'iman*] ***Sahih al-Tirmidhi*** [*kitab tafsir al-Qur'an*] ***Sunan al-Nasa'i*** [*kitab al-'iman wa al-nudhur*] ***Sunan Abu Dawud*** [*kitab al-buyu'*] ***Sunan Ibn Majah*** [*kitab al-zakah*]	❑ Siya'y ***Rafidi*** Shi'i, isa sa (mga lupon) ng opinyon. [Abu Ja'far al-'Uqayli, ***Du'afa al-Uqayli***, sa ilalim ng "'Abd al-Malik b. A'yan"] ❑ Siya'y ***Rafidi***, mapagkatiwalaan (*saduq*). [Al-Mizzi, ***Tahdhib al-Kamal***, sa ilalim ng "'Abd al-Malik b. A'yan"] ❑ Si Al-'Ijli ay nagsabi: Siya'y mula sa Kufah, isang *Tabi'i* (henerasyong sumunod sa Sahaba), mapagkatiwalaan. Si Sufyan ay nagsabi: Si 'Abd al-Malik b. A'yan ang Shi'i ay nagsalaysay sa amin, siya'y ***Rafidi*** para sa amin, isang tao (na kasapi) ng opinyon. Si Hamid ay nagsabi: Yaong tatlong magkakapatid na 'Abd al-Malik, Zurarah, at Hamran ay puro mga ***Rafidi***. Si Abu Hatim ay nagsabi: Siya'y isa sa mga naunang tumalima sa Shi'ismo, (siya'y) nasa posisyon ng katapatan, mayroong mga mabuting tradisyon, at ang kanyang mga tradisyon ay naisulat. [Ibn Hajar al-'Asqalani, ***Tahdhib al-Tahdhil***, sa ilalim ng "'Abd al-Malik b. A'yan"]
'Abd al-Razzaq al-San'ani *(yumaon 211 AH)* ***Sahih Bukhari*** [*kitab al-'iman*] ***Sahih Muslim*** [*kitab al-'iman*] ***Sahih al-Tirmidhi*** [*kitab al-taharah*] ***Sunan Nasa'i*** [*kitab al-taharah*] ***Sunan Abi Dawud*** [*kitab al-taharah*] ***Sunan Ibn Majah*** [*kitab al-muqaddamah fi al-'iman*]	❑ Si Ibn 'Adi ay nagsabi: Sila (mga pantas) ay hindi nakakita ng anumang problema sa kanyang *hadith* maliban sa iniuukol nilang Shi'ismo sa kanya… Siya'y isang taong may karangalan… siya'y nagsalaysay ng mga tradisyong pumupuri sa Sambahayan ng Propeta (*Ahl al-Bayt*) at pumipintas ng iba… Si Mukhlid al-Shu'ayri ay nagsabi: Kasama ko si 'Abd al-Razzaq nang may bumanggit kay Mu'awiyah. Si 'Abd al-Razzaq ay nagsabi: 'Huwag mong salaulain ang ating pagtitipon sa pamamagitan ng pagbanggit sa supling ni Abu Sufyan!' [Al-Mizzi, ***Tahdhib al-Kamal***, sa ilalim ng "'Abd al-Razzaq al-San'ani"] ❑ Si Ibn 'Adi ay nagsalaysay (ng *hadith*) mula kay 'Abd al-Razzaq…, "kung inyong makita sa Mu'awiyah sa aking pulpito, inyong patayin!" [Al-Dhahabi, ***Mizan al-'I'tidal***, sa ilalim ng "'Abd al-Razzaq al-San'ani"]
'Awf b. Abi Jamilah al-'A'rabi *(yumaon 146 AH)* ***Sahih Bukhari*** [*kitab al-'iman*] ***Sahih Muslim*** [*kitab al-masajid wa mawadi' al-salat*] ***Sahih al-Tirmidhi*** [*kitab al-salat*] ***Sunan Nasa'i*** [*kitab al-taharah*] ***Sunan Abi Dawud*** [*kitab al-salat*] ***Sunan Ibn Majah*** [*kitab al-salat*]	❑ Siya'y ***Rafidi*** ngunit mapagkatiwalaan… Siya'y itinuring na mapagkatiwalaan ng mga pantas, at may taglay na Shi'ismo. [Al-Dhahabi, ***Siyar A'lam al-Nubala***, sa ilalim ng "'Awf b. Abi Jamilah"] ❑ Si 'Awf ay isang Qadari, Shi'i, Satanas! [Abu Ja'far al-'Uqayli, ***Du'afa al-Uqayli***, sa ilalim ng "'Awf b. Abi Jamilah"] ❑ Siya'y kumikiling sa Shi'ismo. Si Ibn Ma'in ay nagsabi: mapagkatiwalaan, si Al-Nasa'i ay nagsabi: Masyadong mapagkatiwalaan. [Al-Mizzi, ***Tahdhib al-Kamal***, sa ilalim ng "'Awf b. Abi Jamilah"]